# 多言語情報コーナー　　　　　　　　　　　（令和７年　８月号）

## 1. Survey Questionnaire para sa Pagpapatupad ng Multikultural na Pamumuhay sa Lungsod ng Tochigi.

Ang lungsod ay magpapatupad ng programa ng kung tawagin ay “Multicultural Coexistence Promotion Plan”ngayong taon. Ito ay magsisilbing gabay upang itaguyod ang pag-unlad ng Tochigi bilang siyudad kung saan ang mga dayuhang residente at mga hapones ay lalong magkaroon pagkakaunawaan, pagtanggap at magkakasamang mabuhay sa isa't isa sa kabila ng kanilang pagkakaiba sa kultura at pag-iisip.

Bilang paghahanda at pagpaplano, ang Lungsod ng Tochigi ay magsasagawa ng questionnaire survey para sa mga Japanese at dayuhang residente upang malaman ang kani-kanilang opinyon at ang kasalukuyang sitwasyon.

Ang survey para sa mga dayuhang residente ay sasakupin ang mga paksa tulad ng trabaho, pang-araw-araw na pamumuhay, pag-aaral at ang pakikipag-ugnayan sa mga japanese.

Maaaring sumagot ang sinumang may edad 12 taong gulang o higit pa na nakatira sa Tochigi City.

Upang makasagot ng survey, mangyaring i-scan ang QR code sa website o flyer ng lungsod, o sumagot sa pamamagitan ng iyong smartphone o computer.

Ang deadline para sa pagsagot ng survey ay hanggang sa ika- 31ng Agosto 2025.

## 2. Impormasyon sa Pag-iwas sa Kalamidad gaya ng Baha at Pagguho ng Lupa.

Ang mga sakuna ay hindi isang bagay ng **"Baka Sakali"** ngunit sa halip ay **"Tiyak na Darating Balang Araw."**

Ang pangangalap ng impormasyon ay mahalaga sa pagtukoy kung kailan dapat lumikas mula sa baha o pagguho ng lupa. Dapat tiyakin na magkaroon ng iba't ibang paraan sa pangangalap ng impormasyon sa panahon ng isang emergency.

Ang impormasyon sa paglikas at mga alerto sa emergency tungkol sa lindol mula sa national, prefectural at mga pamahalaang lungsod ay awtomatikong ipinapadala sa ating mga smartphone.

Mahahagilap din ang mga impormasyon tungkol sa paglikas at mga parating na sakuna sa website ng Tochigi City at official account nito sa X, Facebook at LINE.

Maaari ring mangalap ng impormasyon nang maaga tungkol sa papalapit na malakas na ulan o mga bagyo mula sa telebisyon o radyo.

Ang FM Kurara 857, ang community radio ng Tochigi City, ay maaaring i-download sa smartphone at pakinggan ang mga impormasyon kung sakaling magkaroon ng sakuna, iuulat rin nito ang sitwasyon ng pinsala at impormasyon sa paglikas upang masuri ang mga lokasyon ng paglilikasan.

Bagamat maraming impormasyon ang maaaring makalap tungkol sa kalamidad, kang lungsod ay naglabas na ng ika-4 level ng alerto ay dapat nang lumikas ang lahat mula sa mapanganib na lugar.

Ang mga pamilyang may maliliit na bata o matatanda ay dapat lumikas nang maaga sa "Alert Level 3."

Dapat tandaan na ang impormasyon sa paglikas gamit ang "antas ng alerto" na ito ay mahalaga at nagpapabatid ng pangangailangang lumikas at ang oras upang gawin ito.

## 3. Mga Pamamaraan sa Paghahanda sa Lindol sa Loob ng Tahanan.

Kung nagkalaglagan ang mga kasangkapan at mga gamit sa bahay dahil sa malakas na pagyanig na dulot ng lindol, hindi lamang ang panganib na masugatan, ngunit maaari rin maging mahirap ang paglikas. Upang maprotektahan ang sarili at ang iyong pamilya, magsimula sa ilang mga pangunahing pamamaraan sa kaligtasan.

Lumikha ng isang ligtas na espasyo sa tahanan na walang kasangkapan at iba pang mga gamit at ilaan ito bilang daanan ng paglikas.

Mapanganib kung lumindol habang natutulog, kaya huwag maglagay ng mga muwebles o gamit　sa mga silid-tulugan o silid kung saan naroroon ang mga bata o matatanda. Upang matiyak ang ligtas na paglikas, huwag maglagay ng mga kasangkapan o iba pang mga bagay na maaaring mahulog sa daanan patungo sa labasan at iba pang mga pasukan.

Siguraduhing ligtas at secure ang mga dresser, bookshelf, aparador, refrigerator, telebisyon, at iba pa, gamit ang mga bracket na hugis L o support rod upang maiwasang mahulog ang mga ito.

Hindi natin alam kung kailan darating ang lindol. Ang isang biglaang pagyanig ay maaaring kumitil ng buhay at mahalagang kabuhayan sa isang iglap. Ito ang dahilan kung bakit mas mahalaga kaysa sa anumang bagay ang paghahanda ngayon.

### 4. Tungkol sa Pagbibigay-ulat na Gamit ang Video na "Live 119".

Sa panahon ng isang sunog, biglaang pagkakasakit o isang aksidente sa trapiko, ang pagtawag sa 119 ng lungsod ay magkokonekta sa Communications Command Center ng Tochigi City Fire Department, na tatawag ng isang fire truck o ambulansya.

Sa isang emergency, maaaring mahirap ipaliwanag ang lokasyon at sitwasyon sa Japanese, kaya mangyaring manatiling kalmado at huwag magpanick.

Ipinakilala ng communications command center ng Tochigi City Fire Department ang **Live119,** na nag-uugnay sa 119 caller sa command center ng mga komunikasyon sa pamamagitan ng real-time na video. Ito ay isang sistema na nagbibigay-daan na makipag-usap habang nagre-record ng video tulad ng isang video phone kapag tumatawag sa 119 mula sa cellphone. Nagbibigay-daan ito sa mga fire rescue brigade communication staffs na malaman ng maigi ang sitwasyon at bago pa man dumating ang ambulansya o fire truck ay maagapan na ang pagtulong at paglutas kahit paaano sa pamamagitan ng pagbibigay advice sa nanghihingi ng tulong upang humantong sa mas mabilis at mas naaangkop na assistance.

Kung tumawag sa 119 mula sa isang cellphone ay maaaring hilingin ng fire rescue brigade staff ang actual video footage ng situation kung kaya hinihiling ang kooperasyon ng caller para dito.